

Chapter *One*

Itinulak pabukas ni Ares Espino ang pinto ng condo niya at huminga nang malalim. He was home. There really was no place like home. Home is where the heart is...

Okay, tama na. Basta masaya siyang makauwi ng bahay. Galing siya ng Vigan kung saan balak sana niyang magbakasyon ng halos dalawang buwan pero na-miss niya talaga ang bahay niya kaya nagdesisyon siyang putulin na lang ang bakasyon.

Ngumiti siya at huminga nang malalim bago napalitan ng pagkunot ng noo ang ngiti. Parang may ibang amoy sa bahay niya. Mabango naman pero kakaiba. Amoy babae.

Binuksan niya ang pinto ng banyo, gayundin ang ilaw. May mga bote ng shampoo, conditioner at

body wash na nakahilera sa tabi ng sa kanya. Base sa pangalan ng mga iyon, doon nanggagaling ang bango na naaamoy niya.

Si Artemis lang ang nagpupunta sa bahay niya pero hindi naman nagsabi ang kapatid na darating ito. Nang huli niya itong makausap, nasa Maynila pa ito at nag-o-OJT.

Muli niyang pinatay ang ilaw sa banyo. Iniwan na ni Ares ang mga bags niya malapit sa pinto. Maliit lang ang one-bedroom condo niya. Pagpasok mula sa main door, nasa kanan niya ang pinto ng banyo pagkatapos ay ang maliit niyang kitchen area. Paglampas niyon, magkatapat ang espasyo para sa sofa niya at ang dining area na may lugar lang para sa isang maliit na mesa at apat na upuan.

Pagkatapos ay ang pinto na ng silid niya. Doon siya dumerecho.

Pinihit niya ang doorknob at marahang itinulak pabukas ang pinto. Mas hitik sa samyo ng body wash ang hangin sa silid niya na ayon sa nakita niyang bote sa banyo ay wild honeysuckle daw. Sa malamlam na ilaw ng lamp, kita niya ang isang hugis na halata niyang nakapamaluktot sa ilalim ng comforter.

Agad siyang nag-alala. Bakit hindi nagsabi si Artie na darating ito? Ano kaya ang problema at bakit bigla yata itong nag-alsabalutan?

Marahan niyang hinila pababa ang comforter para

silipin ang kapatid. Pero nang malantad sa kanya ang mukha ng babae, he only had a split second before he realized that she was not his sister, and then she was awake.

And then, her leg kicked out and her foot connected with his balls.

“F*ck!” hiyaw ni Ares na halos magdilim ang paningin sa pagsabog ng sakit sa pinakamaselang bahagi ng katawan niya. Sinapo niya iyon at bumagsak siya sa sahig, namimilipit.

Nilundagan siya ng babae sa kama para tumakbo patungo sa pinto pero hinawakan niya ito sa binti kaya nadapa ito. Doon mismo sa ibabaw niya at halos tumukod sa sikhura niya ang tuhod nito.

“What the hell?”

Kahit halos bumaliktad ang sikhura dahil sa sakit na dulot ng sipa nito, nanlaban si Ares na gumulong para ibalot ang mga braso sa baywang ng babaeng nakadapa sa sahig.

“Get off me!” sigaw nito na sinipa siyang muli. Her foot hit the side of his thigh bago ito dumapa para gumapang palayo sa kanya. Sa inis na rin siguro, ibinagsak niya ang sarili sa ibabaw nito and felt immense satisfaction at hearing her breath leave her lungs in a woosh.

Inabot siya nito para kalmutin pero naiibas niya ang mukha. Sa kasamaang palad, nahablot nito ang

buhok niya at sinubukan siyang kalbuhin.

“Aray, aray, aray!” hiyaw niya. Hinawakan ni Ares ang pupulsuhan nito para higitin palayo sa kanyang ulo ang kamay ng babae habang itinutulos ang kabila nitong pupulsuhan sa sahig. Nang sa wakas ay mabitawan nito ang buhok niya, itinulak niya ang braso nito pababa at idiniin din iyon sa sahig. Isiniksik din niya ang mga balakang sa pagitan ng mga hita nito para hindi siya nito masipa.

It was an intimate position that pressed his still aching groin to her butt, and had his nose in her fragrant hair. Pero hindi iyon tumatak sa isip ni Ares. Aside from the fact that he was dealing with a hellcat, his balls hurt too much for the normal male response. Mahirap ma-arouse kapag nanlalabang parang *MMA* ang ka-partner.

That was when she headbutted him. Nalasaan niya ang dugo sa kanyang bibig. Muling napamura si Ares bago niya ibinaon ang mukha sa batok ng estranghera para hindi na nito maulit iyon.

She started to scream.

Hinawakan niya ang mga pupulsuhan nito gamit ang isang kamay bago tinakpan ang bibig at ilong nito ng kabila niyang palad para hindi ito makahinga.

“Stop it!” marahas niyang utos. “Kung ayaw mong itali kita at busalan bago ako tumawag ng pulis!”

She started to struggle. Siguro kasi hindi na makahinga.

“Aalisin ko ang kamay ko pero kapag sumigaw ka pa ulit, iuuntog talaga kita sa sahig at sa presinto ka na gigising. Naiintindihan mo?”

Mabilis itong tumango at binitawan ni Ares ang bibig nito. Suminghap ang babae bago sinubukang lumingon para makita siya.

“Who the hell are you?” she snarled.

“Ako lang naman ang may-ari ng bahay na ’to. Ikaw? Who the hell are *you*?”

“Oh, my God.”

“Yeah. Oh, your God. So who are you and what are you doing in my house?”

Muling sinubukang lumingon ng babae. “Can you get off me please?”

“Not until you tell me who you are.”

He felt her squirm beneath him. Saka naman parang biglang tumindi ang kamalayan niyang nakadagan siya sa malambot na katawan nito and that his legs were between her thighs, his groin pressed right up against her butt.

“Well?” Both his awareness of her body and her silence made his voice gruffer than he intended.

“My name is Ice. Kaibigan ako ni Artemis. She told me I could stay here kasi wala naman daw tao rito nang dalawang buwan.”

Pumalatak siya at tumayo mula sa pagkakadagan dito. Mabilis itong naupo at pinanood siya nang abutin niya ang light switch sa tabi ng pinto at binuhay ang

ilaw.

Namilog ang mga mata ng babae at nalaglag ang panga nang makita siya pero hindi niya iyon pinansin. His lower lip was throbbing at nalalalahan pa rin niya ang dugo mula roon.

Pinagmasdan niya ito. Nakasuot ito ng off-the-shoulder na sweater, short shorts at isang pares ng medyas. Magulo ang buhok nito, namimilog ang mga mata pero kahit pa ganoon ang ayos, hindi niya maitatangi na maganda ito, at... well, maganda ang balingkinitang katawan as far as he could tell.

“Well, I’m here now,” suplado niyang saad. “Which means you can’t stay here.”

Tiim-bagang na kumurap ang babae. Huminga ito nang malalim at mabagal na pinakawalan iyon. He knew she was struggling for calm.

“Look.” Nagsimula itong tumayo at automatic niyang inilahad ang palad para tulungan ito. Inabot naman iyon ng babae at hinila niya ito patayo. “Hindi rin kasi ipinaalam sa ’kin ni Artie na nandito ka. Pero kahit na, hindi ka naman p’wedeng dito tumira lalo na’t nandito ako. Ihahatid na lang kita sa hotel.”

“No, it’s okay. Okay lang talaga ako rito,” ani Ice at narinig niya ang tila desperasyon sa tinig nito.

Nagsimula siyang umiling at hinawakan siya nito sa braso at tiningnan sa mga mata. Being a big brother to an extremely sweet but very manipulative-of-her-big-brothers little sister, inasahan na niya ang gagawin

nito. She gave him a “big-eyed, sweet little girl” look that probably worked on every boy she had ever met.

“Please?” she said in a near whisper. “I can stay on the couch. You won’t even know I’m here.”

Good thing Ares was immune.

“No,” ang mariin niyang sagot. “Ang liit lang nitong bahay so, yeah, I’d know you’re here. Isa pa, hindi magandang tingnan na mukha akong nag-uwi ng babae rito. I’m really sorry. Mag-empake ka na. I’ll wait for you outside.”

Tinalikuran niya ito at lumabas siya ng silid.

Padabog na sumunod sa kanya ang babae.

“Look...” Pinaikot-ikot nito ang kamay.

“Ares.”

Huminto ang kamay at tumaas ang mga kilay ng babae. “As in the Zodiac sign?”

“No. As in the Greek god of war.” He glared at her as if waiting for her to make fun of his name. She didn’t.

Humalukipkip ito. And when she spoke, her voice was haughty. “Okay, Ares. Ganito kasi ’yun. Your sister promised me that I could stay here for a month. Pinlano ko ang buhay ko dito sa Baguio sa loob ng isang buwan base sa pangakong iyon ni Artemis. So unless ang gusto mong sabihin ay hindi marunong tumupad sa usapan ang kapatid mo, you’re going to have to let me stay here.”

Ares shrugged and smirked. “Oh, she can keep

her promises. But only if they don't involve any of her brothers. Lalo na dahil wala naman siyang karapatang ipangako na puwede kang tumira sa bahay ko. Which reminds me na kailangan ko siyang kausapin tungkol doon pero bukas na." He tilted his head to the right to look at her empty hands. "I don't see your bags. It's already eleven at inaantok na ako. Ihahatid pa kita."

Pumalatak si Ice. "I can't stay in a hotel, okay?" inis nitong saad.

"Bakit?"

Inirapan siya nito. "Wala ka nang pakialam d'un. Basta hindi puwede."

"At hindi ka puwedeng tumira rito," he said in a reasonable tone. "So you can either pack your bags and let me take you to a hotel, o tatawag ako sa security at sila na ang bahalang magtapon sa 'yo sa labas."

Napikon na si Ice. "Balasubas ka ba talaga? Ba't ang bait ng kapatid mo 'tapos ikaw walang modo?"

Payak siyang tumawa. "Ako ang walang modo? Ikaw kaya 'tong trespassing." Nagmuwestra siya sa telepono. "Well? What will it be? Ako ang maghahatid sa 'yo sa hotel? O security ang mag-iiwan sa 'yo sa labas?"

Padabog itong tumalikod at bumalik sa silid niya. Nanatili siya sa labas habang nagbababagsak ito sa loob ng kung ano hanggang sa nakasimangot itong lumabas ng silid hila ang trolley bag nito.

"Huwag mo na akong ihatid. Nakakahiya naman

sa 'yo," sarcastic nitong saad bago siya nilampasan.

"All right," sabi lang niya na nagkibit-balikat pa.
"Don't forget your toiletries."

Huminto ito bago mabuksan ang front door. Nakita niyang nagkuyom ang kamao nito sa handle ng trolley bag nito bago hinarap ang pinto ng banyo. Sandali lang ito sa loob ng banyo. Nang muling lumabas, hindi na ito nagpaalam. Dumerecho na lang ito paalis ng unit at ibinalibag pasara ang pinto.

Nakadama ng sundot sa konsyensya niya si Ares nang magsara ang pinto ng unit bago sumipa ang logical na bahagi ng utak niya na hindi naman niya ito kilala at hindi niya ito responsibilidad.

Sandali siyang natahimik bago inihilamos ang palad sa mukha. His mother was going to kill him when she found out. And she would kung kaibigan nga ni Artemis ang babae.

At imposibleng hindi nga nito kaibigan ang kapatid niya. Wala itong ibang pagkukunan ng susi ng condo niya. Alangan namang sa Kuya Zeus nila.

Muli niyang naihilamos ang palad sa mukha saka nilingon ang bukas na pinto ng kanyang silid. Noon muling nagsimulang bumuhos ang malakas na ulan.

Damn it. Hindi gawain ng disenteng nilalang ang magpalayas ng babaeng walang kalaban-laban nang disoras ng gabi habang may paparating na bagyo.

Bumuntong-hininga siya bayo nagmadaling lumabas ng unit.

Sa ibaba, dumerecho siya sa reception area kung saan naroon ang nightshift guard na ni Kuya Manding.

“Sir, may lumabas bang babae na may dalang kulay purple na trolley bag?”

“Ah, ’yung bisita po ninyo? Opo, lumabas na po. Pinasamahan ko po kay Chad para itawag ng taxi.”

Shit. Nagmadali siyang lumabas dahil baka abutan pa niya ang dalawa pero paglabas niya ng building, nakita niyang paalis na ang taxi na sinakyan ng babae.

Hayaan mo na. Hindi mo siya responsibilidad.

Nilingon siya ng guard. “Good evening, sir.”

“Chad, alam mo kung saan siya nagpahatid?”

Nagkamot ng ulo ang guwardya, halatang nagtataka. “Ah, sa terminal daw po ng bus pa-Manila.”

Hayaan mo na. Hindi mo siya responsibilidad.

Will you shut up?

Bumuntong-hininga si Ares. “Sige, salamat.”
Tumalikod na siya at muling umakyat sa unit niya.

